

Maliit na Binhi: Ang Kuwento ni

Wangari Maathai



Barnebokker for Norge

barnebokker.no

Maliit na Binhi: Ang Kuwento ni

Wangari Maathai

Skrevet av: Nicola Rijsdijk

Illustrert av: Maya Marshak

Oversatt av: Karla Comanda

Denne fortellingen kommer fra African Storybook (africanstorybook.org) og er videreformidlet av Barnebokker for Norge (barnebokker.no), som tilbyr barnebokker på mange språk som snakkes i Norge.

Dette verket er lisensiert under en Creative Commons

[Navngivelse 4.0 Internasjonal Lisens.](https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/deed.no)

<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/deed.no>



Nicola Rijsdijk ✎
Maya Marshak 📖
Karla Comanda 📄
tagalog 🗣️
niva 3 📊





Sa isang nayon sa libis ng Bundok Kenya sa Silangang Africa, may isang batang babaeng nagtrabaho sa bukid kasama ng kanyang ina. Wangari ang pangalan niya.

Mahilig lumabas si Wangari. Sa gulayan ng
kanyang pamilya, hinghohog niya ang lupa
gamit ang kanyang matsete. Nagpunla
siya ng maliit na buto sa mainit na lupa.





Ang paborito niyang panahon ay ang dapit-hapon. Alam ni Wangari na oras na para umuwi kapag masyado nang madilim para tingnan ang mga halaman. Sinusundan niya ang makipot na daan sa kabukiran at binabagtas ang ilog sa kanyang pag-uwi.


Pumanaw si Wangari noong 2011, pero maaari natin siyang alalahanin sa tuwing makakakita tayo ng magandang puno.



Nagsumikap nang husto si Wangari.
Napansin ito ng mga tao sa buong mundo
at binigyan siya ng bantog na gantimpala.
Ito ay ang Nobel Peace Prize, at siya ang
kauna-unahang babaeng Aprikana na
nakatanggap nito.



Matalino si Wangari at sabik siyang
pumasok sa eskuwela. Ngunit nais ng ina
at ama niya na manatili siya sa bahay at
tulungan sila. Noong siya ay pitong taong
gulang, hinikayat ng kuya niya ang
kanilang mga magulang na papasukin siya
sa eskuwela.



Mahilig siyang matuto! Dumami ng dumami ang natutunan ni Wangari sa bawat librong binasa niya. Sa sobrang husay niya sa kanyang pag-aaral, inimitahan siyang mag-aral sa Estados Unidos ng Amerika. Nasiyahan si Wangari! Marami pa siyang gustong malaman tungkol sa mundong ginagalawan niya.



Lumipas ang panahon at naging kagubatan ang mga puno, at umagos nang muli ang mga ilog. Lumaganap ang mensahe ni Wangari sa Aprika. Ngayon, milyung-milyong mga puno ang tumutubo salamat sa mga binhi ni Wangari.

Maraming bagong natutunan si Wangari sa pamantasan sa Amerika. Pinag-aralan niyang husto ang mga halaman at kung paano sila lumaki. At nalala niya kung paano siya lumaki: nakipaglaro siya sa kanyang mga kuya sa ilalim ng mga puno ng magandang kagubatan sa Kenya.



Alam ni Wangari kung ano ang dapat gawin. Tinuruan niya ang mga kababaihang magtanim ng puno mula sa mga binhi. Ibinenta ng mga kababaihan ang mga puno at ginamit ang kanilang pinagkakitaan para alagaan ang kanilang pamilya. Natwa ang mga kababaihan. Tinulungan sila ni Wangari na maging malakas at maniwala sa sarili nilang kapangyarihan.





Habang dumarami ang kaalaman niya, mas napagtanto niya na mahal niya ang kanyang mga kababayan sa Kenya. Gusto niyang maging masaya sila at malaya. Habang dumarami ang kaalaman niya, mas naalala niya ang kanyang Aprikanong tahanan.



Nang matapos siya sa kanyang pag-aaral, bumalik siya sa Kenya. Ngunit nagbago na ang kanyang bayan. Dumukwang ang mga bukid sa kahabaan ng lupa. Walang panggatong para sa pagluluto ang mga kababaihan. Naghihirap ang mga tao at gutom ang mga bata.